



## **Panalangin Para sa Kapayapaan na Nakabatay sa Katarungan**

Ni: Deaconess Norma Dollaga, United Methodist Church  
2024 World Methodist Peace Award

*“Pinagpala ang mga gumagawa ng paraan para sa kapayapaan, sapagkat sila'y ituturing na mga anak ng Diyos.” Mateo 5:9*

Kapayapaan  
Peace  
Paz  
Kalinaw  
Salam  
Shalom  
Salaamata  
Friede  
Paix  
Santi  
Pace  
Kedamaian

Iba't iba ang tawag sa IYO  
Dios na may iba't ibang pangalan at pagkilos  
Dalhin mo kami sa kaibuturan ng Iyong PUSO  
Sa pinakamalalim na hikbi ng nagluluksang bayan  
Upang kami man ay makisama sa pag-taghoy sa pagpaslang sa aming mga anak  
Na inagaw sa amin ng gutom at karamdaman  
Na inagaw sa amin ng mga bala at bomba dahil pinaratangan sila na kaaway ng estado

Dalhin MO kami sa Iyong PUSO, O Dios  
Sa awit at himig ng sambayanan  
Sila ay umaawit ng paghehele at himno na naananabik sa KALAYAAN  
Umaakyat hanggang langit ang kanilang tinig tulad ng dasal  
Akayin mo kami sa kanilang musika  
Upang kami'y umawit at magdasal na kasama nila  
Hanggang sa awit ng KALAYAAN kami'y mapag-isa.

Dalhin MO kami sa Iyong Puso, O Dios  
Sa sayaw at indayog ng Bayan  
Sa aming pag-lalakbay tungo sa Hustisya  
At kung kami ay hihinga para sa KAPAYAPAAN at Katarungan  
Batid namin na ang Tagumpay ay makakamtan.

Dalhin mo kami sa iyong Puso, O Dios  
Sa mga tula at luha ng bayan  
Upang masambit namin ang aming pagiging tao  
Dalhin Mo kami sa mga kuwento ng pakikibaka at pag-asa ng sambayanan  
Upang masumpungan namin ang KAPAYAPAANG lagpas sa pang-unawa ng karaniwan.

Nananabik kami sa Kapayapaan, O Dios  
Kapayapaang Magpapalaya sa amin mula sa paniniil at pambubusabos  
Kapayapaang base sa KATARUNGAN at pangmatagalan  
Kapayapaang ipanunumbalik at ipagdiriwang ang aming pagiging Tao na nilikha sa wangis ng  
Diyos.